Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG CALLIOS NOONG IKA- 3 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 179-T'2000

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. ROBERT BARBERS, SENADOR NG BANSA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2M) PARA SA PAGPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROAD SA MGA BARANGAY OOGONG, JASAAN AT MALINAO NG BAYANG NABANGGIT.**

SAPAGKA'T, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang mga pagawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

SAPAGKA'T, malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

SAPAGKA'T, kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market road;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, Bernardo e. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na mapitagang humiling sa Kgg. Robert Barbers, Senador ng Bansa na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P2M para sa pagpapagawa ng Farm-to-market road sa mga barangay Oogong, Jasaan at Malinao ng bayang nabanggit.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Robert Barbers, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan